

MGA KASAYSAYAN NG PROPESIYA



Ilog ng Buhay

2 Hari 5:1-14

Ang Kasaysayan...

Si Naaman ay isang matapang, mayaman, at bantog na pinuno ng mga hukbo ng Syria na nagkasakit ng ketong, ang kakilakilabot na sakit noong panahon ng Biblia. Ito'y nangangahulugan ng pagkawalay sa mga minamahal; dahan-dahan at kahindikhindik na kamatayan. Isang batang babaeng Judio na alipin sa tahanan ni Naaman ang nagsabi sa kanya na kung siya'y magtutungo kay propeta Eliseo sa Israel ay pagagalingin siya nito ng kanyang karamdaman.



Nagnanais ng anumang silahis ng pag-asa, si Naaman ay naglakbay ng malayo patungo sa Israel na kasama ang isang maliit na pulutong ng kanyang mga bantay at pambayad sa himala ng pagpapagaling. Nang siya ay nasa tahanan ng ng propeta, ayaw namang lumabas ni Eliseo. Sa halip ay isinugo nito ang kanyang katulong at ang tagubiling: "Magtungo ka at maligo ng makapito sa ilog ng Jordan at ang iyong laman ay sasauli sa iyo at ikaw ay malilinis." 2 Hari 5:10,

Ang utos ng propeta na maligo si Naaman ay nangangahulugang siya ay marumi. Ang maligo ng makapito sa isang maputik na ilog ay hindi matanggap ng mapagmataas na heneral na Syriano. Galit na biglang pinatakbo ang kanyang kabayo upang umuwi, ngunit upang siya ay makarating ng Damascus ay daraan siya sa tabi ng ilog ng Jordan. Sa kanilang pagdaan dito ay hinimok siya ng kanyang mga katulong na subukin ang payo ng propeta. Bumaba siya sa kabayo, hinubad ang kanyang baluti na tumatakip sa kanyang nakakatakot sa sakit. Anim na ulit siyang lumubog sa tubig ng Jordan

nang walang pagbabago, ngunit pagkatapos niyang lumubog ng ikapito, ang kanyang ketong ay nawala. Ang kanyang balat ay luminis at naging makinis at malusog na tulad ng sa isang sanggol.

Sasa inyo rin ang nagpapagaling na bagong silang na karanasan na tulad ng kay Naaman.



Ang Bag-aaral...

Punan ang mga puwang pagkatapos na basahin ang bawat talata ng Biblia.

1. Sinong propeta sa Bagong Tipan ang gumamit ng Ilog ng Jordan para sa bautismo o paglilinis?

Mateo 3:1, 5, 6 *Nang mga araw na yaon ay dumating si _____ na nangangaral sa ilang Judea ... Nanag magkagayon ay nilabas siya ng Jerusalem at ng buong Judea at ng buong lupain sa palibot ng Jordan. At sila'y kanyang _____ sa ilog ng Jordan.*

PALIWANAG: Ang mga kasaysayan ng Ebanghelyo ay nagpapasimula at nagtatapos sa paksa ng bautismo. Maliwanag na ito'y mahalagang turo sa Panginoon (Mateo 28:18,19).

2. Anong maluwalhating seremonya ng Biblia ang kumakatawan sa "paghuhugas" mula sa ketong ng kasalanan?

Mga Gawa 22:16 *Magtindig ka, at ikaw ay _____, at hugasan mo ang iyong mga kasalanan, na tumatawag sa pangalan ng Panginoon.*

3. Ilan ang uri ng bautismo ayon sa Biblia ang tinatanggap?

Efeso 4:5 *Isang Panginoon, isang pananampalataya, _____.*

PALIWANAG: Sa ngayon, may labinlimang (15) seremonya na tinatawag na bautismo, ngunit ayon sa Biblia, mayroon lamang isang tunay na bautismo.

4. Ano ang ibig sabihin ng salitang "bautismohan?"

Kolosas 2:12 *Na _____ na kalakip niya sa bautismo, na kayo namay muling binuhay na kalakip Niya sa pamamagitan ng pananampalataya sa paggawa ng Dios na muling bumangon sa kanya mula sa mga patay.*

PALIWANAG: Ang salitang Griego na "baptizo" ay nangangahulugan ng "paglubog" "ilubog" o ipailalim sa tubig. Ang tao ay hindi tunay na nabinyagan kung hindi siya ganap na inilubog o inilibing sa tubig. Ang salitang "baptizo" ay laging ginagamit ng Biblia na may kinalaman sa banal na ordinansa ng bautismo. Ang mga salitang Griego na nangangahulugan ng "pagwisik" o "pagbuhos" ay hindi kailan man ginamit.

5. Si Jesus ang ating halimbawa. Paano Siya binautismohan?

Markos 1:9, 10 *Nanggaling si Jesus ... At Siya'y binautismohan ni Juan sa Jordan. At karakarakang _____ sa tubig, nakita Nyang biglang nangabuksan ang mga langit.*



PALIWANAG: Si Jesus ay binautismohan ni Juan sa ilog din ng Jordan, kung saan si Naaman ay nalinis mula sa kanyang sakit na ketong. Pansinin na ang Panginoon ay “umahon mula sa tubig”. Ito ang dahilan kung bakit si Juan ay nangagbabautismo sa “Aenon malapit sa Salim, sapagkat maraming tubig doon.” Juan 3:23. Kailangang sundin ng mga Kristiyano ang halimbawa ng Panginoon (1 Pedro 2:21), na binautismuhan nang palubog upang “matupad ang lahat ng katuwiran.” Mateo 3:15.

6. Paanong binautismuhan ni Felipe ang ingat-yaman ng Ethiopia?

Mga Gawa 8:38, 39 *At sila’y kapwa _____ sa tubig, si Felipe at ang bating; at kanyang binautismuhan siya. At nang sila ay _____ sa tubig, ay inagaw si Felipe ng Espiritu ng Panginoon.*

7. Ano pang mga ibang katotohanan ang kinakatawan ng bautismo?

Roma 6:4 *Tayo nga’y nangalibing na kalakip Niya sa pamamagitan ng bautismo sa kamatayan; na kung paanong si Kristo ay _____ mula sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama ay gayon din naman tayo ay makakalakad sa panibagong buhay.*

PALIWANAG: Kinakatawanan ng bautismo ang kamatayan, paglilibing, at pagkabuhay na mag-uli ni Kristo. Kailangan munang mamatay sa kasalanan, pagkatapos ay ilibing ang matandang buhay ng pagkakasala, at pagkatapos ay mabuhay na mag-uli sa bagong buhay. Ang bautismo lamang na palubog ang lubos na angkop sa simbolismong ito. Ang buhay ng kasalanan ay namamatay; mayroong sandaling pagtigil ng hininga samantalang ang tao ay nakalubog sa tubig sa bautismo. Hanggang na siya’y muling lumitaw mula sa tubig at lumanghap ng sariwang hininga ng tulad ng isang bagong silang na sanggol; upang siya ay magsimula ng isang ganap na bagong buhay na kumakatawan sa muling pagkabuhay. May ilang nagsasabi na ipinangingilin nila ang Linggo sa pagpaparangal sa pagkabuhay na mag-uli, ngunit ang gawaing ito ay hindi binabanggit ng Biblia.

8. Gaano kahalaga ang bautismo?

Markos 16:16 *Ang sumampalataya at mabautismuhan ay _____ datapuwa’t ang hindi sumasampalataya ay paparusahan.*

Juan 3:5 *Malibang ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu ay _____ siya makakapasok sa kaharian ng Dios.*

PALIWANAG: Maliwanag na iniuutos ng Biblia na ang bautismo ay mahalaga. Gayon man, kung hindi magagawa ang bautismo, tulad ng magnanakaw sa krus, ay ipinagkaloob ng Panginoon ang Kanyang sariling bautismo sa taong yaon (Mateo 3:15).

9. Anong pinagpalang seremonya ang maitutulad sa bautismo?

Galacia: 3:27 *Sapagkat ang lahat na sa inyo ay binautismuhan kay Kristo ay _____ si Kristo.*

PALIWANAG: Ang bautismo ay tulad ng kasalan. Sinasabi ng Biblia, Sapagkat ang Maylalang sa iyo ay iyong asawa; ang Panginoon ng mga hukbo ang kanyang pangalan,” Isaias 54:5. Kung paanong tinatanggap ng babae ang pangalan ng kanyang asawa sa kasalan, gayon din ang mga Kristiyano ay tinatanggap ang pangalan ni Kristo—at sila’y tinatawag na Kristiyano. Ang bautismo ay mahalaga sa buhay Kristiyano, tulad ng kasal sa pag-aasawa.





10. Anong utos ang ibinigay ni Jesus sa Kanyang bayan bago Siya umakyat sa langit?

Mateo 28:19 *Magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong _____ sa pangalan ng Ama, ng Anak, at ng Espirity Santo.*

PALIWANAG: Sinunod ni Pedro ang utos na ito nang kanyang sinabi sa nagsisising mga tao nang Panahon ng Pentekostes, "Mangagsisi kayo, at mangabautismuhan ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Kristo Jesus" Mga Gawa 2:38.

11. Anong mga katangiang biblikal ang nararapat na mauna sa bautismo?

- A. *Maunawaan ang mga turo ni Jesus (Mateo 28, 19, 20).*
- B. *Sampalatayang lahat ang mga turo ni Jesus (Markos 16;16).*
- C. *Pagsisihan ang lahat ng mga kasalanan (Mga Gawa 2:38).*
- D. *Sumampalataya ng buong puso (Mga Gawa 8:37).*
- E. *Sumang-ayon na tatalikuran ang lahat ng kasalanan (Lukas 3:7, 8, Roma 6:5, 6).*
- F. *Tanggapin si Kristo na personal na Tagapagligtas at maranasan ang pagkapanganak na muli (2 Korinto 5:17; Juan 3:3, 5).*

PALIWANAG: Sapagkat ang sanggol ay hindi makatutugon sa alinmang nasa itaas, maliwanag na hindi sinasangayunan ng Biblia ang bautismo nito.

12. Saan nagmula ang lahat ng uri ng huwad na bautismo?

Markos 7:8 *Na nililisan ninyo ang mga utos ng Dios, at pinanghahawakan ang _____ ng mga tao.*

PALIWANAG: Ang bautismong palubog ay siyang tanging anyo ng bautismo na kaugalian ng panahon ng Biblia at daan-daang taon pagkatapos ng krus. Ngunit ang mga taong lisyay ay nagsimula ng mga ibang anyo ng bautismo na madaling gawin. Dahil dito, ang banal na ordinansa ng bautismo ng Dios, at ang mayamang simbolismo nito ay nawala.



13. Ano ang sinasabi ng Biblia sa mga nagpapahalaga sa mga turo ng tao nang higit sa katotohanan ng Dios?

Mateo 15:9 *Datapuwa't _____ kabuluhan ang pagsamba nila sa akin, Na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ang mga utos ng _____.*

Galacia 1:8 *Datapuwa't kahima't kami, o isang anghel na mula sa langit ang mangaral sa inyo ng anumang ebanghelyo na iba kaysa inyong tinanggap na ay _____.*

14. Hindi ba pinalitan ng ng bautismo ng Banal na Espiritu ang bautismong palubog?

Mga Gawa 2:38 *At sinabi sa kanila ni Pedro, Mangagsisi kayo, at _____ ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesucristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng _____.*



PALIWANAG: Hindi! Pansinin na samantalang nangangaral si Pedro (Mga Gawa 10:44-48) ay bumaba ang Banal na Espiritu sa lahat ng mga nakikinig, na marami sa kanila ay hindi pa nababautismuhan. Ngunit kahit tinaggap na nila ang bautismo ng Banal na Espiritu, iginiiit pa rin ni Pedro na sila ay mabautismuhan ng tubig.

15. Nararapat ba ang ikalawang bautismo?

Mga Gawa 19:2-5 *Sinabi nila sa kanya, Hindi man lamang namin narinig na may ibinigay na Espiritu Santo. At sinabi niya, Kung gayo'y sa ano kayo binautismuhan? At sinabi nila, Sa bautismo ni Juan. At sinabi ni Pablo, Nagbabautismo si Juan ng bautismo ng pagsisisi, na sinasabi sa mga tao, na sila'y magsisampalataya sa darating sa hulihan niya, samakatuwid baga'y kay Jesus. At nang kanilang _____ ito ay _____ sila sa pangalan ng Panginoong Jesus.*

PALIWANAG: Nang nangangaral si Pablo sa Efeso, nasumpungan niya ang 12 lalaking nabautismuhan ni Juan Bautista na kailanman ay hindi pa narinig ang ukol sa Banal na Espiritu. Nang tanggapin nila ang liwanag na ito, sila'y muling nagpabautismo. Gayon din kung ang isang tao ay lubusan nang waglit sa kanyang karanasang Kristiyano, kailangang siya'y muling bautismuhan sa kanyang pagbabalik sa Panginoon. Nararapat din ito, kung siya ay hindi nabautismuhan sa paraang tama.

16. Ang bautismo ba ay may kaugnayan sa pag-anib sa Iglesia?

Mga Gawa 2:41 *Yaon ngang nagsitanggap ng kanyang salita ay nangabautismuhan; at _____ sa kanila nang araw na yaon ang mga may tatlong libong kaluluwa.*

Mga Gawa 2:47 *Na nangagpupuri sa Dios, at nangagtatamo ng paglingap ng buong bayan. At _____ sa kanila ng Panginoon araw-araw yaong nangaliligtas.*

Colosas 3:15 *Tinawag din naman kayo sa isang _____.*

Colosas 1:18 *Ang ulo ng katawan samakatuwid baga'y ng _____.*

I Corinto 12:13 *Sapagkat sa isang Espiritu ay binabautismuhan tayong lahat sa _____ katawan.*

PALIWANAG: Sinasabi ng Kasulatan na lahat ng bayan ng Dios ay tinawagan sa iisang katawan, na siyang Iglesia, at tayo'y umaanib dito sa pamamagitan ng bautismo. Pagkasilang, ang sanggol ay inilalagay sa isang pamilya para sa pag-aalaga, proteksyon, at paglago.

17. Kung ako'y tumanggi sa bautismo, kaninong payo ang aking tinatanggihan?

Lukas 7:30 *Datapuwa't pinawalang halaga ng mga Fariseo at ng mga tagapagtanggol ng kautusan sa kanilang sarili ang _____ ng _____.*

18. Nang bautismuhan si Jesus, ano ang sinabi ng Kanyang Ama?

Markos 1:9, 11 *At nangyari nang mga araw na yaon na nanggaling si Jesus sa Nazaret ng Galilea, at Siya'y binautismuhan ni Juan sa Jordan. ... At may isang tinig na nagmula sa mga langit, na sinasabi, Ikaw ang sinisira Kong Anak, sa iyo ako _____ na _____.*

PALIWANAG: Lubos na nalulugod ang Dios kapag ang sinoman sa Kanyang mga anak ay nagsisisi ng kanyang mga kasalanan.



Ang Iyong Tugon

Nais mo bang maghanda para sa banal na bautismo, nang sa gayo'y sabihin sa iyo ng Dios, "Ikaw ang sinisinta kong anak (na lalaki o babae) sa iyo Ako lubos na nalulugod?"

TUGON: _____.

Kung nais mo pa ang dagdag na kaalaman tungkol sa bautismo, makipagkita ka sa pastor o pinuno ng pangkat o grupo na nagbibigay ng mga pag-aaral na ito.

Karagdagan

Ang bahaging ito ay dagdag na mga impormasyon para sa dagdag na pag-aaral.

Ang Modelong Bautismo.

Ang Panginoong Jesus ay hindi nangangailangan ng paglilinis mula sa kasalanan, sapagkat Siya ay walang sala. Ito ang dahilan kung bakit nais Siyang sansalain ni Juan nang Siya'y lumapit sa huli sa Ilog ng Jordan upang pabautismo. Sa Kanya'y sinabi Juan: "Kinakailangan ko na ako'y Iyong bautismuhan, at Ikaw ang naparirito sa akin?" Mateo 3:14.

May tatlong dahilan kung binautismuhan si Jesus. Una, Siya'y binautismuhan para sa mga may sakit o mga taong nasa piitan na hindi maaring pagkalooban ng ordinansang ito. Ang Kanyang sariling bautismo ang ipinagkakaloob Niya sa kanila. Ang magnanakaw na nasa krus ay isang halimbawa (Luke 23:43). Pangalawa, si Jesus ay binautismuhan para maging halimbawa, at sundin ang Kanyang mga yapak (1 Pedro 2:21). Ikatlo, Siya ay binautismuhan, upang tayo, sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang karanasan, ay makabatid kung ano ang maaasahan sa pamamagitan ng pananampalataya.

Halimbawa, pag-aralan ang mga salita ng mga sumusunod na talata at tingan natin kung ano ang maasahan natin sa ating bautismo. Ang Mateo 3:16 at 17 ay nagsasabi: "At nang mabautismuhan si Jesus, pagdaka'y umahon sa tubig" at narito, nangabuksan sa kanya ang mga langit at nakita Niya ang Espiritu ng Dios na bumababang tulad sa isang kalapati, at lumapag sa Kanya. At narito, isang tinig na mula sa langit na nagsasabi, Ito ang sinisinta kong Anka na siya kong kinalulugdan.



"Nangabuksan ang langit" = Tumanggap tayo ng karapatang lumapit sa Dios.

"Nakita Niya" = Ang ating mga espirituwal na mata ay nangabuksan, na nagbibigay sa ating ng bagong unawa at pananaw.

"Ang Espiritu ng Dios" = Nakikilala natin ang Kanyang pangungusap

"Bumababang tulad ng kalapati" = Malumanay na pumapasok ang kapayapaan sa ating mga puso

"Isang tinig na mula sa langit" = Magpapasimula tayong marinig ang tahimik at maliit na tinig.

"Sinisinta Kong Anak" = Tayo ay tinatanggap sa Kanyang maharlikang sangbahayan at magiging mamayan ng naiibang bayan.

"Lubos kong kinalulugdan" = Lubos tayong pinatatawad at tinatanggap ng Dios.